Republic of the Philippines
**CITY COUNCIL**
**Quezon City**
15th City Council

PR2004-14
PR2004-04

Ika-3 Karaniwang Pulong

RESOLUSYON BLG. SP-**2562**, S-2004

RESOLUSYONG NAGPAPAABOT NG MAALAB NA PAGBATI SA PAGSAPIT NG IKA-SIYAMNAPUNG ANIBERSARYO NG IGLESIA NI CRISTO SA IKA-DALAWAMPU'T PITO NG HULYO, 2004, SA PANGUNGUNA NINA KGG. FELICIANO R. BELMONTE, JR., PUNONG LUNGSOD, KGG. HERBERT M. BAUTISTA, PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD, KASAMA ANG LAHAT NG KAANIB NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG LUNGSOD QUEZON.

---

Iminungkahi nina Konsehal RESTITUTO B. MALAÑGEN, WINSTON "Winnie" T. CASTELO, BERNADETTE HERRERA-DY, ELIZABETH A. DELARMENTE, VICTOR V. FERRER, JR., FRANCISCO A. CALALAY, JR., JOSEPH P. JUICO, AIKO MELENDEZ, RAMON P. MEDALLA, VOLTAIRE GODOFREDO L. LIBAN III, ERIC Z. MEDINA, ALLAN BUTCH T. FRANCISCO, JORGE B. BANAL, JR., FRANZ S. PUMAREN, WENCEROM BENEDICT C. LAGUMBAY, DANTE M. DE GUZMAN, JULIAN M.L. COSETENG, DIORELLA MARIA SOTTO-DE LEON, EDCEL B. LAGMAN, JR., ANTONIO E. INTON, JR., ALMA F. MONTILLA, JANET M. MALAYA, BAYANI V. HIPOL, XYRUS L. LANOT and JUNIE MARIE L. CASTELO.

---

SAPAGKAT, magugunita natin na mula sa Sugo ng Diyos sa huling araw na si yumaong Kapatid na Felix Y. Manalo hanggang sa pamamahala ni Kapatid na Eraño G. Manalo, Tagapamahalang Pangkalahatan ng Iglesia ni Cristo, ang mabilis na paglaganap at matagumpay na pagpapahayag ng mga banal na aral sa kaligtasan;

SAPAGKAT, sa makabagong panahong ito, mula dito hanggang sa ibayong dagat ay makikita natin ang patnubay at pagpapala ng Diyos sa tunay na Relihiyong ito, ibinasbas Niya ang kapayapaan at kaunlaran upang matagumpay na maipahayag ang Kanyang kalooban;

SAPAGKAT, dahil sa maka-Diyos, maka-Bayan, maka-taong pamamahala sa Iglesia Ni Cristo, ay karapat-dapat ng handugan ng pinakamataas na pagkilala at alayan ng maalab na pagbati sa pagsapit nito sa kanyang ika-90 na anibersaryo.

NGAYON, SAMAKATUWID,

PAGTIBAYAN NAWA HABANG PINAGTITIBAY ITO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG LUNGSOD QUEZON SA PAGPUPULONG, ang pagpapaabot ng maalab na pagbati sa pagsapit ng ika-90 na Anibersaryo ng Iglesia ni Cristo sa ika-27 ng Hulyo 2004, sa pangunguna nina Kgg. Feliciano R. Belmonte, Jr., Punong Lungsod, Kgg. Herbert M. Bautista, Pangalawang Punong Lungsod, kasama ang lahat ng kaanib ng Sangguniang Panlungsod ng Lungsod Quezon.

PINAGTIBAYIN DIN, na itala ito sa opisyal na katitikan (Scroll) at ihandog sa Tagapamahalang Pangkalahatan ng Iglesia ni Cristo.

PINAGTIBAY: Hulyo 27, 2004.

HERBERT M. BAUTISTA
Pangalawang Punong Lungsod
Tagapangasiwa

PINATUTUNAYAN:

EUGENIO V. JURILLA
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

*CERTIFICATION*

*This is to certify that this Resolution which was APPROVED under SUSPENDED RULES on July 27, 2004, was finally CONFIRMED by the City Council on the same date.*

EUGENIO V. JURILLA
City Council Secretary